# ANG MGA BUNGA (BENEPISYO) NG TAQWA (BAHAGI 2 NG 2)

**Marka:**

**Deskripsyon:** Ano ang naisip ng ating mga sinaunang matutuwid na tao tungkol sa taqwa at ilang mga payo para mapalakas ang ating kamalayan sa Allah.

**Kategorya:**
Mga Aral › Pagpapalawak ng Paniniwala › Mga Paraan sa Pagpapalawak ng Paniniwala

**Ni:** Aisha Stacey (© 2014 NewMuslims.com)

**Nai-publish sa:** 26 Mar 2018

**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Layunin:

·Upang maintindihan na ang *taqwa* ay isang mahalagang konsepto ng Islam at dapat nating sikaping manatiling tapat.

Mga Terminolohiyang Arabik:

·*Alhamdulillah*– Lahat ng papuri at pasasalamat ay para sa Allah. Sa pagsasabi nito ay nagpapasalamat tayo at kinikilala natin na ang lahat ng bagay ay nagmula sa Allah.

·*Hadith* - (pangmaramihan - *ahadith*) ay isang piraso ng impormasyon o isang kuwento. Sa Islam ito ay isang tala ng salaysay ng mga kasabihan at mga gawa o kilos ni Propeta Muhammad at ng kanyang mga kasamahan.

·*Salaf* - Ang terminolohiyang ito ay karaniwang tumutukoy sa mga unang mga Muslim; katulad ng mga kasamahan ng Propeta, kanilang mga tagapagmana, at kanilang mga tagasunod. Kabilang din dito ang lahat ng sumusunod sa kanilang mga yapak hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

·*Taqwa*- Ang pangamba o takot sa Allah, kabanalan, kamalayan na may Diyos. Inilalarawan nito ang isang kalagayan ng kamalayan sa Allah sa lahat ng ginagawa niya.



Sa nakaraang aralin natin napagmasdan ang mga bunga ng *taqwa* sa pamamagitan ng pagtingin sa ilang mga talata mula sa Quran. Mula dito natutunan natin na ang *taqwa* ay isang kanais-nais na katangian na kailangan ng mga mananampalataya na pagsikapan; na ang pagsisikap ay magdadala sa mga mananampalataya ng hindi mabilang na mga biyaya. Sa araling ito titingnan natin kung ano ang sasabihin ng *salaf* tungkol sa *taqwa*. Ang mga kalalakihan, kababaihan at mga bata ay pag-aaralan ang kanilang *taqwa,* gayunpaman hindi sila nag-

aangkin na merong *taqwa.* Ito ay isang bagay na itinuturing nilang nasa pagitan nila at ng Allah, sapagkat sinabi ng Allah ang mga sumusunod sa Quran:

***"… Kaya't huwag kayong magmalinis, Siya ang higit na nakakaalam kung sino ang may taqwa." (Quran 53:32)***

Sinabi ni Propeta Muhammad, "Narito ang *Taqwa*," at itinuro niya ang kanyang dibdib. [1]

Si Umar ibn Abdul Aziz, ang matuwid na pinuno ng mga Muslim, ay nagsabi, "Walang makakaabot sa kalagayan ng *taqwa* hangga't wala siyang gawa o mga salita na maaaring maglantad sa kanya ng kahihiyan alinman sa mundong ito o sa Kabilang Buhay." Naitanong sakanya isang beses, "Kailan naaabot ng mananampalataya ang taluktok ng taqwa?" Sumagot siya, "Kung inilalagay niya ang lahat ng kanyang mga saloobin at pagnanasa sa kanyang puso sa isang plato at pagkatapos ay naglibot sa palengke, hindi siya dapat makaramdam ng hiya sa anumang bagay doon."

Si Umar ibn Al-Khattab ay nagtanong kay Ubay ibn Kaab tungkol sa *taqwa* (kabanalan). Ang huli ay nag sanabi: Nakalakad kanaba sa isang matinik na landas? Sumagot si Umar: "Oo, tunay". Pagkatapos ay tinanong siya ni Ubay: "Ano ang ginawa mo?" Tumugon si Umar: "Inangat ko (ang aking damit) at ginawa ko ang lahat (upang maiwasan ang mga tinik)". Sinabi ni Ubay na, "Iyan ang *Taqwa"*.

Si Fudhayl ??ibn 'Iyad (namatay noong 803 CE), isang magnanakaw na binago ang kanyang buhay para sa kapakanan ng Allah ay tinanong, "Aling bansa ang gusto mo manirahan ako?" Sumagot siya, "Walang kinalaman sayo ang anumang bansa. Ang pinakamainam na bansa para sa iyo ay ang bansa na tumutulong sa iyo na magakaroon ng *taqwa*".

Si Sufyan ath-Thawri ibn Said (716-778 CE) ay isang iskolar ng Islam at hukom na nagtipon din ng *ahadith.* Isang malaking bilang ng mga salaysay ay maiuugnay sa kanya. Sinabi niya tungkol sa *taqwa*, "Nakilala namin ang mga tao na minahal ito noong sinabi sa kanila - Matakot sa Allah ang Kataas-taasan at pakikinggan nila ito ng agaran, ngunit ngayon matatagpuan mo ang mga tao ay naiinis lamang dito!" Kung titingnan natin ang taon na namatay ang dakilang lalaking ito ay makikita natin na ito ay wala pang 100 taon mula ng pagkamatay ni Propeta Muhammad. Sa napaka ikling panahon ang *taqwa* ay nagsimula nang mawalan ng kahalagahan. Ang pag-unawa sa kahulugan ng *taqwa* at kung paano makakuha nito ay isang napakahalagang konsepto ng Islam.

Pinayuhan ng mga Khalifah ng Islam ang kanilang mga sarili at ang mga nasa paligid nila na magkaroon ng *taqwa*. Alam nila na ang takot sa Allah ay sinadya upang malaman na ang Allah ay nagmamasid sa kanila sa lahat ng oras, alam nila na walang lugar upang itago ang isang kasalanan, pagkakamali o maliit na kasalanan. Ang Allah, ang Pinakamaawain, ay nakikita ang ating mga paglabag, gayunma'y tinatrato tayo ng walang hanggang pagpapala kung meron tayong tapat na *taqwa.*

Sinabi ni Abu Bakr sa isang sermon, 'Pinapayo ko sa inyo na magkaroon ng takot sa Allah.[2]
At nang mamamatay na siya, tinawag niya si Umar at pinayuhan siya na matakot sa Allah.[3]

Sa parehong paraan, sumulat si Umar sa kanyang anak na lalaki na nagsasabing, "Pinapayuhan kita na magkaroon ng takot sa Allah."[4]Pinayuhan ni Ali ibn Abi Talib ang pinuno ng isa sa kanyang mga hukbo na nagsasabing "Pinapayuhan ko kayo ng takot sa Allah na siguradong makakatagpo ninyo."[5]

Tandaan na hinihikayat ng *taqwa* ang isang mananampalataya na maging maingat sa anumang bagay na hindi ikasisiya ng Allah. Nagagawa din ng *Taqwa* naang isang mananampalataya ay manabik sa pagkalugod ng Allah. Ang mga sumusunod ay ilang madaling mga bagay na maaari nating gawin upang madagdagan ang ating taqwa:

1. Gumugol ng ilang oras araw-araw sa pagbabasa ng Quran.

2. Pag-isipan ang mga kahulugan ng mga salita ng Diyos at subukang kumilos nang naaayon.

3. Alalahanin ang Allah sa mga salita ng papuri, tulad ng Alhamdulillah.

4. Sikaping abalahin ang sarili sa paggawa ng mga mabubuting gawa, tandaan na ito ay maaaring kasing simple ng pagngiti.

5. Panatilihin ang magandang mga kaibigan. Subukang maging nasa paligid ng mga nakikita mo na mayroong *taqwa.*

6. Sikaping maging mapagpakumbaba.

7. Magsaliksik ng kaalaman tungkol sa relihiyon.

***"…At kayo ay magbaon ng inyong ikabubuhay, datapuwa't ang higit na mainam na baon ay Taqwa . Kaya't Ako ay pangambahan ninyo, O kayong mga tao na may pang-unawa!" (Quran 2:197)***

---

Talababa:

| | |
|---|---|
| [1] | *Saheeh Muslim*, *At-Tirmidhi* |
| [2] | Recorded by al-Hakim in al-Mustadrak |
| [3] | Recorded by Aboo Nuaym in Hilyah al-Awliya' |
| [4] | Ibn Rajab al-Hanbalee mentioned it in Jami' al-Uloom wal-Hikam |

[5] Recorded by al-Khilâl in Kitâb As-Sunnah

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.newmuslims.com/tl/articles/252/ang-mga-bunga-benepisyo-ng-taqwa-bahagi-2-ng-2

Copyright © 2011 - 2024 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.